# O Sugo ni Allah,Tunay na iniibig ko [ang lalaking] iyan,Sinabi sa kanya ng Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-((Ipinag-bigay alam moba ito sa kanya?)) Nagsabi siya: Hindi,Nagsabi siya [Ang Propeta]: ((Ipagbigay-alam mo ito sa kanya)),Nakasalubong niya ito at sinabi niya [sa kanya]:Tunay na iniibig kita para kay Allah,Nagsabi siya: Iniibig din kita dahil sa pag-ibig mo sa akin para sa Kanya

Ayon kay Anas bin Mālik, malugod si Allāh sa kanya-Na ang isang lalaki ay nasa Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-Dumaan sa kanya ang isang lalaki,Nagsabi siya : O Sugo ni Allah,Tunay na iniibig ko [ang lalaking] iyan,Sinabi sa kanya ng Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-((Ipinag-bigay alam moba ito sa kanya?)) Nagsabi siya: Hindi,Nagsabi siya [Ang Propeta]: ((Ipagbigay-alam mo ito sa kanya)),Nakasalubong niya ito at sinabi niya [sa kanya]:Tunay na iniibig kita para kay Allah,Nagsabi siya: Iniibig din kita dahil sa pag-ibig mo sa akin para sa Kanya.

[Tumpak] [Isinaysay ito ni Imām An-Nasā’īy - Isinaysay ito ni Imām Abū Dāwud - Isinaysay ito ni Imām Aḥmad]

Dumating ang Marangal na Hadith ng Propetang ito bilang pagtupad sa kautusan niya-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-na dapat ay ipaalam ng isang tao sa kapatid niya kapag ito ay inibig niya,At naganap ang pag-uusap sa pagitan ng Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalaagaan-at ni Anas-malugod si Allah sa kanya;Nang sabihin niya sa kanya:Tunay na iniibig ko ang lalaking iyan,Sinabi sa kanya ng Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-:"Ipinag-bigay alam moba ito sa kanya"Nagpapatunay ito na kabilang sa Sunnah,Kapag inibig ng isang Muslim ang isang tao na sabihin niya ito sa kanya na: Tunay na iniibig kita,ito ay dahil sa napapaloob sa mga salitang ito na nagbibigay ng pagmamahal sa puso niya;Sapagkat ang tao;kapag nalaman niya mula sa kapatid niya na siya ay iniibig niya,iibigin din niya ito,dahil ang mga puso ay mayroong pagkakakilala at paglalapit kahit ito ay hindi bigkasin ng mga dila.At tulad ng sinabi ng Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangaalagaan:Ang mga kaluluwa ay nakakalap ng mga sundalo,ang mga nagkaakakilaalaa dito nagmamahalan,at ang mga nasusuklam [sa bawat isa ] dito ay hindi nagkakasundo" Ngunit kapag sinabi ng isang tao sa pamamagitan ng dila niya;Tunay na ito nakakadagdag

ng pagmamahal sa puso;Sasabihin niyang: Tunay na iniibig kita para kay Allah

https://sunnah.global/hadeeth/tl/show/3028